REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 99-025**

**KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAG-AATAS SA LAHAT NG PUNONGBARANGAY NA MAGTATAG NG "MIGRATION INFORMATION CENTER" SA KANILANG LUGAR AT MAGLAAN NG PONDO PARA DITO.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * *

Ipinanukala ni : **KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
**KGG. BAL NIEFES**
**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
**KGG. RAUL R. CORRO**
**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
**KGG. NICANOR L. ECHAVEZ, MD**
**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
**KGG. ELMER S. ESPELETA**
**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
**KGG. MARIO E. BULAY, JR.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

**SAPAGKAT**, ayon sa ***Seksiyon 384 ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991,*** "bilang pangunahing pampulitikang pangkat, ang barangay ay magsisilbi bilang isang pangunahing pangkat na magpaplano at magpapatupad ng pampamahalaang mga alituntunin, plano, programa, proyekto at mga gawain sa komunidad, at bilang isang lugar ng talakayan kung saan ang sama-samang mga kuro-kuro ng mga mamamayan ay maaaring ipahayag, linawin at isaalang-alang.....";

**SAPAGKAT,** layunin ng tanggapang ito na mabigyan ng impormasyon at mga kinakailangang kabatiran ang mga taga-gawa ng alituntunin, taga-plano at tagapagpatupad ng programa na lubhang makakatulong sa kanilang pamamalakad at programang pangkaunlaran;

**SAPAGKAT,** layunin din ng kautusang ito na malaman at masubaybayan ang galaw at pagdami ng populasyon ng lungsod, gayundin ang pagpasok at paglabas ng mga dayuhan (migrants);

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinasabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

**Seksiyon 1.** Sa bisa ng kautusang ito ay iniaatas ang pagtatatag ng ***"MIGRATION INFORMATION CENTER" (MIC)*** sa bawat barangay na nasasakupan ng Lungsod ng Muntinlupa sa ilalim ng pangangasiwa ng Tanggapan ng Punongbarangay at bubuuin ng isang boluntaryo o kawani na manggagaling sa barangay at itatalaga ng Punongbarangay.

**Seksiyon 2. KAHULUGAN NG MGA SALITA.**

Ang mga salita o parirala kapag ginamit sa Kautusang ito ay mangangahulugan ng sumusunod:

a. ***MIGRATION INFORMATION CENTER (MIC)*** - tanggapan na magsisilbing mekanismo upang magbigay at magtipon ng mga impormasyon hinggil sa kalagayan o galaw ng populasyon ng lungsod.

b. ***GEOGRAPHIC INFORMATION SYSTEM (GIS)*** - isang nakabaseng sistema ng impormasyon na ginagamitan ng kompiyuter (computer-based) at may kakayahang bumuo o pagsama-samahin ang panlipunan at pang-ekonomiyang impormasyon ng lungsod sa pamamagitan ng mapa.

c. ***NCR*** - National Capital Region

d. ***POPCOM-NCR*** - Population Commission-National Capital Region.

e. ***CITY PLANNING AND DEVELOPMENT OFFICE (CPDO)*** - ang tanggapang magiging "over-all coordinator" ng bawat MIC sa siyam (9) na barangay ng Lungsod ng Muntinlupa.

**Seksiyon 3. TUNGKULIN NG MIC.** Ang tungkulin ng Migration Information Center (MIC) sa bawat barangay ay ang mga sumusunod:

1. Magbigay at magtipon ng mga impormasyon hinggil sa kalagayan at galaw ng populasyon sa Lungsod ng Muntinlupa;

2. Bumuo o pagsama-samahin ang panlipunan at pang-ekonomiyang impormasyon ng lungsod;

3. Subaybayan (monitor) ang pagpasok at paglabas ng mga dayuhan sa lungsod at ipagbigay-alam sa Punongbarangay ang pagtatayo ng mga bagong bahay ng mga dayuhan;

4. Iulat sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras sa Himpilan ng Pulisya, Tanggapan ng Inhinyeriya at Barangay ang pagtatayo ng bagong istraktura ng mga iskwater sa lupang hindi nila pag-aari;

5. Iparehistro ang pangalan ng bawat pamilya ng mga dayuhang naninirahan sa nasasakupang barangay at itala sa nakabaseng kompiyuter;

6. Magbigay ng buwanang pag-uulat sa City Planning and Development Office (CPDO);

7. Magrekomenda sa City Planning and Development Office at Punongbarangay ng mga patakaran at programa na kakailanganin nito;

8. Magpatibay ng mga patakaran at regulasyon hinggil sa operasyon ng tanggapan sa loob ng siyamnapung (90) araw pag-upo sa tungkulin ng mga kawani ng MIC;

9. Gawin ang iba pang mga tungkulin alinsunod sa ipag-aatas ng City Planning and Development Office at Punongbarangay;

**Seksiyon 4. LAANG GUGUGULIN/BADYET** - Ang badyet para sa operasyon ng MIC ay kukunin sa bahagi ng ***20% Community Development Fund*** (CDF) ng Lungsod.

**Seksiyon 5. PANSAMANTALANG PROBISYON**

1. Ang City Planning and Development Office ang magiging over-all coordinator ng MIC sa siyam (9) na barangay ng Lungsod ng Muntinlupa.

2. ANG CPDO ang mangangasiwa sa nakabaseng kompiyuter na may kapabilidad ng GIS bilang epektibong kagamitan sa pagpaplano at pagsasagawa ng mga desisyon.

3. Ang POPCOM-NCR ay magmumungkahi o magbibigay ng mga inaakalang proyekto, ang kahalagahan ng pagkakaroon ng MIC sa bawat barangay para sa epektibo at mahusay na paglilikom ng mga impormasyon hinggil sa mga bagong naninirahan sa lungsod, ang kanilang mga pangangailangan at kung paano ito pangangasiwaan.

4. Ang CPDO ang maghahanda ng mungkahi para sa paglalaan ng taunang badyet para sa operasyon ng MIC.

5. Ang bawat barangay ay sasanayin ng CPDO para sa paghahanda ng panlipunan at pang-ekonomiyang impormasyon hinggil sa lungsod.

**Seksiyon 6. HINDI PAGSUSUMITE NG ULAT.** Ang hindi pagtupad ng mga kawani ng MIC sa pagsusumite ng buwanang pag-uulat sa City Planning and Development Office ay maaaring maging dahilan ng pag-alis sa kanyang tungkulin.

**Seksiyon 7. SUGNAY NA MAGBIBIGAY BISA.** Ang kautusang ito ay ***magkakabisa sa loob ng sampung (10) araw matapos ang pagpapatibay ng Sangguniang Panlungsod*** at ang ***sipi ng kautusan ay mailathala sa dalawang (2) hayag na lugar*** ng Pamahalaang Lungsod.

**PINAGTIBAY** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **ika-15 ng Marso 1999** sa ginanap na ika-**31** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**Mggl. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**Mggl JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**Dr. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor/Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor/Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

*Pahina 5*
*Kautusang Panlungsod Blg. 99-025*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kautusang ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pang. Punonlungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* 4-9-99

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-28-77
Fax No. 8426196